


31 Mayo 2026 • DAKILANG KAPISTAHAN NG SANTATLO • Taon A



# Papuri sa Banal na Santatlo: Ang Diyos Ama, at ang Anak at ang Espiritu Santo

Ating ipinagdiriwang ngayon ang Dakilang Kapistahan ng Diyos na Banal na Santatlo—Iisang Diyos na May Tatlong Persona. Ang Mabuting Balita ay nagpapahayag sa walang hanggang sukat ng pag-ibig ng Diyos, laan para sa lahat at 'di lamang sa iilan. Isinulat ni San Agustin: "Nakikita mo ang Santatlo kung ikaw ay nakakakita ng pag-ibig. Sa Eukaristiyang ito, masigla at buong pagpupuri, pasasalamat at pagsamba ang ating iukol sa banal, mapagmahal at buhay na Diyos na Santatlo: Ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Purihin ang D'yos na banal
na sa ati'y nagmamahal.
Ama na Bukal ng buhay,
Anak na s'ya nating Daan,
Espiritung ating Tanglaw.

### PAGBATI

**P** –Biyaya at kapayapaang buhat sa Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat.
**B** – **At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** – Ang Eukaristiya ay siyang pinakadakilang pagsambang maiaalay natin sa Banal na Santatlo. Alalahanin nating 'di tayo karapat-dapat humarap sa Kanya, at kailangan nating mahugasan sa ating pagkakasala. (Manahimik saglit.)

**P** – Panginoong Hesus, naparito ka upang ipakita sa amin ang pagmamahal ng Ama para sa sangkatauhan. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Panginoong Hesus, naparito ka upang turuan kaming magmahal na tulad ng iyong pagmamahal sa amin. Kristo, kaawaan mo kami.
**B** – **Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** – Panginoong Hesus, naparito ka upang ipagkaloob sa amin ang Espiritu Santong aming bukal ng kabanalan at pag-asa. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnu-bayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B** – **Amen.**

### PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong**
**kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P** – Ama naming makapangyarihan,
sa iyong pagsusugo sa Salitang Diyos na totoo at maaasahan
at sa pagbibigay mo ng Espiritung nagpapabanal sa sanlibutan
ipinahayag ang iyong kahiwagaang dakila sa sangkatauhan.
Sa pananampalatayang amin ngayong ipinagdiriwang
ipagkaloob mong aming maidangal
ang Tatlong Persona sa walang hanggang kadakilaan
at aming sambahing lubusan
ang iyong iisang pagka-Diyos sa mahal na kapangyarihan
sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa — Exo 34, 4b-6.8-9

Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

**Noong mga araw na iyon, tumapyas si Moises ng dalawang bato at dinala kinaumagahan sa Bundok ng Sinai.**

**Ang Panginoon ay bumaba sa ulap, lumagay sa tabi ni Moises at binanggit ang kanyang pangalan: "Panginoon."**

**Ang Panginoon ay nagdaan sa harapan ni Moises. Sinabi niya, "Akong Panginoon ay mapagmahal at maawain. Hindi ako madaling magalit; patuloy kong ipinadarama ang aking pag-ibig at ako'y nananatiling tapat."**


**Nanikluhod si Moises at sumamba sa Panginoon. Sinabi niya, "Kung talagang kinalulugdan ninyo ako, isinasamo kong samahan ninyo kami kahit na matigas ang ulo ng lahing ito. Patawarin na ninyo kami at tanggapin bilang inyong bayan."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan — Dan 3, 52. 53. 54. 55. 56

**B – Purihin at ipagdangal ang Diyos magpakailanman.**

*R. M. Velez*




* Pinupuri ka namin, Panginoon;
Diyos ng aming mga ninuno;
karapat-dapat kang ipagdangal at dakilain magpakailanman.
Purihin ang iyong banal at maluwalhating pangalan,
nararapat purihin at ipagdangal magpakailanman. **B.**

* Purihin ka sa iyong banal at marangal na tahanan;
lubhang karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman. **B.**

* Purihin ka, na nakaluklok sa maringal mong trono,
karapat-dapat kang awitan at dakilain magpakailanman. **B.**

* Mula sa iyong luklukan sa ibabaw ng mga kerubin,
nakikita mo ang kalaliman, ang daigdig ng mga patay.
Karapat-dapat kang purihin at dakilain magpakailanman. **B.**

* Purihin ka sa buong sangkalangitan;
karapat-dapat kang awitan at dakilain
magpakailanman. **B.**

## Ikalawang Pagbasa — 2 Cor 13, 11-13

Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga Taga-Corinto

**Mga kapatid: Sikapin ninyong maging ganap at sundin ninyo ang mga payo ko; magkaisa kayo at mamuhay nang payapa. Sa gayon, sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan.**

**Magbatian kayo bilang magkakapatid kay Kristo.**

**Kinukumusta kayo ng lahat ng mga kapatid sa simbahan.**

**Nawa'y sumainyong lahat ang pagpapala ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipag-isa ng Espiritu Santo.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya — Pah 1, 8

**B –Aleluya! Aleluya!**
**Dakila ang Amang mahal,**
**Anak, Espiritung Banal,**
**noon, ngayon, kailanpaman.**
**Aleluya! Aleluya!**

## Mabuting Balita — Jn 3, 16-18

**P–** Sumainyo ang Panginoon.
**B– At sumaiyo rin.**
**P –** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
**B– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.**

**Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –** Puspos ng utang na loob sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos, tawagin natin ang Ama, ang Anak at ang Espiritu Santo at sabihing: Banal na Santatlo, panibaguhin, tubusin at pabanalin Mo kami sa Iyong pag-ibig.

**B –Banal na Santatlo, panibaguhin, tubusin at pabanalin Mo kami sa Iyong pag-ibig.**

* Para sa Simbahan, nawa tanang Kanyang mga kasapi sa pamamagitan ng pagdadamayan at pag-ibig ay magpatunay sa hiwaga ng Kabanal-banalang Santatlo. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating bansa. Nawa'y pagyamanin ng Banal na Santatlo—ang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo ang ating pakikipagkapwa at malasakit sa isa't isa sa Kanilang pamamagitan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga Kristiyanong mag-anak. Palalimin nawa ng Banal na Santatlo ang kanilang pag-iibigan at pagkakaisa. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga Kabataan. Tulungan nawa sila ng Diyos Ama na maging malikhain, ni Hesus na sila'y maging lingkod sa kapwa Kabataan at ng Espiritu Santo na sila'y umunlad sa wastong pamumuhay at kaalaman. Manalangin tayo.

**B.**

**P** –Amang Lumikha, Anak na Manliligtas at Espiritu Santong aming Gabay. Pabanalin kami sa pag-ibig. Kasihan kami ng biyayayang maging tapat sa Simbahan na Siyang larawan ng Diyos na Santatlo. Sa Iyo Ama at Anak at Espiritu Santo ay ang papuri at luwalhati magpasawalang hanggan.

**B –Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .

**B – Tanggapin nawa ng Panginoon
itong paghahain sa iyong mga kamay
sa kapurihan niya at karangalan,
sa ating kapakinabangan
at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P** –Ama naming Lumikha,
gawin mong banal ang mga alay na aming inihanda
ngayong aming sinasamba at sinasambit ang ngalan mong dakila
at pakundangan sa mga alay na ngayo'y nasa dambana
kami nawa'y maging laging nakalaan sa iyong adhika
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B –Amen.**

### PREPASYO

**P**–Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B –Marapat na siya ay pasalamatan.**

**P** –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Kaisa ng iyong Anak at ng Espiritu Santo
ikaw ay iisang Diyos na pinapanginoon ng mga tao.
Ang iyong Anak at Espiritu'y di naiiba sa pagka-Diyos mo
anupa't kahit tatlo'y iisang Diyos na totoo.
Ang kadakilaan mong ipinahihiwatig upang aming panaligan
ay siya rin naming sinasampalatayanan
tungkol sa iyong Anak at Espiritung Banal.
Bagama't may tanging pag-iral ang bawat isa,
iisang Diyos pa rin ang aming sinasamba,
sa kapangyarihang taglay ay walang pagkakaiba.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B – Santo, santo, santo
Panginoong Diyos
ng mga hukbo!
Napupuno ang langit at lupa
ng kadakilaan mo!
Osana sa kaitaasan!
Pinagpala
ang naparirito
sa ngalan
ng Panginoon!
Osana sa kaitaasan!**

### PAGBUBUNYI

**B** –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

### PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin. (2×)
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Espiritu ng D'yos Anak
ang bigay sa ating lahat
ng D'yos Amang naghahangad
na tayo ay makatawag
ng "Ama" sa kanyang habag. *(Gal 4, 6)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** – Ama naming mapagmahal,
mapakinabangan nawa ng aming buong
katauhan
ang pagtanggap namin sa mga banal na
pinagsaluhan
at ang aming pagsamba nang may
pananampalatayang lubusan
sa Tatlong Persona ng iisang Diyos lamang
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

**B – Amen.**

## PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.

**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Magsiyuko kayo at manalangin para sa pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)
– Iligtas nawa kayo ng ating Diyos Ama sa panganib at pagkalooban kayo ng lahat ng kabutihan.

**B – Amen.**

**P** – Puspusin Niya nawa ang inyong mga isipa't puso ng Kanyang Salita at handugan kayo sa walang-hanggang kagalakan.

**B – Amen.**

**P** – Patnubayan nawa kayo ng Kanyang Espiritu sa pagkilala't paggawa ng tama't marapat sa Kanyang landas.


**B – Amen.**

**P** – Pagpalain nawa kayo ng maka-pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B – Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

**B – Salamat sa Diyos.**




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua